

IMPORMASYON TUNGKOL MULA SA PUBLIC HEALTH NG PAMAHALAAN NG CANADA TUNGKOL SA KALIGTASAN NG BAKUNA



Government
of Canada

Gouvernement
du Canada

Mga bakuna para sa sakit na Coronavirus (COVID-19): Buod

Ang mga bakuna para sa COVID-19 ay ligtas at mabisa. Ang mga libreng bakuna ay magiging available para sa lahat ng mga taong nakatira sa Canada sa 2021. Hangga't hindi nababakunahan ang maraming-maraming tao, patuloy na magiging essential ang mga hakbang ng public health upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa Canada at makasagip ng mga buhay.

Ang mga awtorisadong bakuna sa Canada para sa COVID-19

Ang independent authorization process sa Canada ay kinikilala sa buong mundo para sa mga mataas na pamantayan at mahigpit na pagrerepaso nito. Ang pag-apruba sa bakuna ay sinusuportahan ng ebidensiya na ito'y ligtas, mabisa, at may mahusay na kalidad.

Listahan ng mga awtorisadong bakuna

- [Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine](#), inaprubahan noong Disyembre 9, 2020
- [Moderna COVID-19 Vaccine](#), inaprubahan noong Disyembre 23, 2020

Ang dalawang bakunang ito ay parehong nangangailangan ng 2 shots. Magkakaroon ng pangunahing bakuna, at pagkatapos isang booster shot sa panahon na itatakda ng health officials ng pamahalaan pagdating ng panahon.

Tungkol sa Pfizer-BioNTech COVID-19 vaccine

Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 mRNA vaccine (Tozinameran o kaya BNT162b2) ay ginagamit upang maiwasan ang COVID-19. Ang sakit na ito ay dulot ng severe acute respiratory syndrome coronavirus 2 (SARS-CoV-2). Ang bakuna ay inaprubahan para sa mga taong 16-taong-gulang at mas matanda. Ang kaligtasan at pagkabisa nito sa mga taong mas bata sa 16-taong-gulang ay hindi pa naitatag. Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 vaccine ay ginawa ng Pfizer Canada ULC at ng BioNTech Manufacturing GmbH. Inawtorisa ng Health Canada ang bakunang ito nang may mga kondisyon noong Disyembre 9, 2020, sa ilalim ng [Interim Order Respecting the Importation, Sale and Advertising of Drugs for Use in Relation to COVID-19](#) [Interim na Utos na Gumagalang sa Pag-import, Pagbenta, at Pag-anunsyo ng mga Drogang Gagamitin Hinggil sa COVID-19]. Para sa detalyadong teknikal na impormasyon tungkol sa Pfizer-BioNTech vaccine, tulad ng product monograph at buod ng aming regulatory decision, bisitahin ang [COVID-19 vaccines and treatments regulatory portal](#).

[Ingredients at karagdagang impormasyon tungkol sa Pfizer vaccine](#)

Tungkol sa Moderna COVID-19 vaccine

Ang Moderna COVID-19 vaccine (mRNA-1273) ay ginagamit upang maiwasan ang COVID-19. Ang sakit na ito ay dulot ng severe acute respiratory syndrome coronavirus 2 (SARS-CoV-2). Ang bakuna ay inaprubahan para sa mga taong 18-taong-gulang at mas matanda. Ang kaligtasan at bisa nito sa mga taong mas bata sa 18-taong-gulang ay hindi pa naitatag. Ang Moderna COVID-19 mRNA vaccine ay ginawa ng Moderna Therapeutics Inc. Inawtorisa ng Health Canada ang bakunang ito nang may mga kondisyon noong Disyembre 23, 2020, sa ilalim ng [Interim Order Respecting the Importation, Sale and Advertising of Drugs for Use in Relation to COVID-19](#).

Para sa detalyadong teknikal na impormasyon tungkol sa Moderna vaccine, tulad ng product monograph at buod ng aming regulatory decision, bisitahin ang [COVID-19 vaccines and treatments regulatory portal](#).

[Ingredients at karagdagang impormasyon tungkol sa Moderna vaccine](#)

Pagmomonitor sa kaligtasan at pagkabisa ng COVID-19 vaccine

Minomonitor ng Health Canada ang kaligtasan at pagkabisa ng COVID-19 vaccines.

Sa panahon ng COVID-19 pandemic, dinagdagan namin ang:

- aming pagmomonitor at pag-aseso sa mga nangyayaring problema sa kaligtasan, at
- aming pakikipagtulungan at pagbabahagi ng impormasyon sa aming mga partner dito sa Canada at sa buong mundo, tulad ng World Health Organization

aming pagkuha ng vaccines para sa lahat ng mga taong nakatira sa Canada

Nakikipagtulungan kami sa provinces, territories, First Nations, Inuit at mga pinuno ng Métis upang masigurado na ang mga dosis ay available para sa lahat ng mga naninirahan sa Canada sa lalong madaling panahon. Ginagamit namin ang mga itinatag na programa ng pagbabakuna na ginagamit sa buong bansa para sa iba't-ibang mga sakit.

- [Ang mga kasunduan ng Canada hinggil sa bakuna at sa supply](#)
- [Impormasyon tungkol sa rollout o paglabas ng bakuna](#)

[KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA COVID-19 VACCINE MULA SA PUBLIC HEALTH NG PAMAHALAAN NG CANADA](#)

<https://www.canada.ca/en/public-health.html>

**Ang research para sa impormasyon ay
isinagawa at inihahandog sa inyo ng Mushrooms Canada**



mushrooms.canada

IMPORMASYON MULA SA PAMAHALAAN NG ONTARIO TUNGKOL SA KALIGTASAN NG BAKUNA



Buod

Ang pagbabakuna ay inaasahang maging isang mabisang paraan upang maiwasan ang pagkalat at upang mabawasan ang epekto ng COVID-19. **Ang mga bakuna lamang na natiyak ng Health Canada na ligtas at mabisa ang maaaprubahan na gamitin sa Canada at na magiging available sa Ontario.**

Ang ibig sabihin nito'y ang mga bakuna:

- ay nasuri sa maraming tao sa pamamagitan ng mga malawakang klinikal na pagsusubok
- ay nakatupad sa lahat ng requirements para sa pag-apruba, kabilang ang kaligtasan
- ay imomonitor para sa anumang mga masasamang epekto na maaring mangyari pagkatapos ng pagbabakuna, at gagawa ng mga angkop na hakbang

Parehong nangangailangan ang dalawang bakunang ito ng dalawang dosis upang makapagdibelo ang inyong katawan ng sapat na immunity. Pagkatapos ng dalawang dosis, sila'y inaasahang maging 94-95% mabisa, at mababawasan nito ang pagkalat ng virus sa populasyon, makakatulong itong makapagtatag ng herd immunity, at maititigil nito ang pandemic.

Ang dalawang bakunang ito ay parehong ginawa sa Belgium.

[Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bakuna, bisitahin ang website ng Health Canada.](#)

Pagdibelo ng bakuna

Karaniwang inaabot nang ilang taon ang paggawa ng isang bagong bakuna. Gayunman, maraming mga dahilan kung bakit mabilis na nadibelo ang mga bakuna sa COVID-19, halimbawa:

- mayroon nang impormasyon mula sa ilang dekada ng research tungkol sa ibang mga strain ng coronavirus bago dumating ang COVID-19, tulad ng Middle East Respiratory Syndrome (MERS) at Sars-CoV (SARS)
- pagsulong sa science at technology
- international collaboration ng mga scientist, mga health professional, mga researcher, mga industriya, at mga pamahalaan
- dinagdagan ang dedikadong funding

Bago gawing available ang anumang mga bakuna sa Ontario, sila'y:

- nagdaraan sa mahihigpit na mga klinikal na pagsusubok upang masigurado na sila'y ligtas at mabisa
- tinatasan, gamit ang mahihigpit na pamantayan, at pagkatapos ay ina-awtorisa ng Health Canada na magamit

Ang mga sumusunod ay kabilang sa plano ng Ontario upang masigurado na ang mga bakuna ay mananatiling ligtas para sa mga taga-Ontario:

- ang secure at ligtas na transport at storage ng mga bakuna sa mga kinakailangang kondisyon at temperatura
- ang pagtatag ng ligtas na mga lugar sa clinic na magbibigay ng immunization sa mga tao; kabilang dito ang pagbigay ng kinakailangang training sa mga taong magbibigay ng mga bakuna
- ang pagmomonitor para sa anumang [mga masasamang epekto o side effects](#) na maaring mangyari pagkatapos mabakunahan, at ang paggawa ng mga angkop na hakbang, kabilang ang pakikipagtulungan sa pederal na pamahalaan at iba pang provinces at territories

Patuloy na imomonitor ng Health Canada ang lahat ng mga awtorisadong bakuna upang masigurado na patuloy silang ligtas at mabisa.

[KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA COVID-19 VACCINE MULA SA PAMAHALAAN NG ONTARIO GOVERNMENT](#)



<https://covid-19.ontario.ca/covid-19-vaccine-safety>

**Ang research para sa impormasyon
ay isinagawa at inihahandog sa inyo ng Mushrooms Canada**